# <u>Salaysay ni Bb. Elma Reyes</u>

Elma Reyes, 32 gulang, taga Sitio Adungo, Brgy. Villa Norte, nagtitinda ng gulay at asawa ng mangingisda.

*(Ang Salaysay ni Bb. Elma Reyes ay kinuha ni Bb. Anna Abad noong bandang Agosto 2014 sa Alabat, Quezon at siya ay muling ininterbyu para makumpirma ang kanyang mga kasagutan ni Atty. Zelda DT. Soriano noong bandang Marso 2015 sa loob ng opisina ng Greenpeace Southeast Asia – Philippines, JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Brgy. Laging Handa, Quezon City.)*

**Q1: Ano ang nakita nyong pagbabago sa klima mula noong bata kayo kumpara sa ngayon?**

A1: Noong ako ay bata pa at ang mga magulang ko nangingisda pa, ang lalaki ng mga huling isda. Noong ako ay nag-asawa na at 'yung asawa ko ay nangisda na din, maliliit na ang isdang nahuhuli at malayo pa ang nilalaotan. Noon ay konting oras lang sa dagat, may sapat ng huli ng isda para ibenta sa Alabat. Ngayon ay kelangan pa ng walong oras hangang labindalawang oras kung mahina ang huli ng isda.

**Q2: Ang huli nyo noon at ngayon ay pareho lang? Nawala ba iyong ibang klase ng isda?**

A2: Madalang na hindi tulad noon na sa sampung mangingisda ay lahat sila nakakahuli ng malalaking isda pero ngayon ay sa sampu, isa lang ang nakakahuli sa loob ng isang buwan na pangingisda.

**Q3: Sinabi nyo na nagbebenta kayo ng gulay, may napansin ba kayo na pagbabago sa pag-ani ng gulay?**

A3: Noon na hindi pa ganito ang init ng panahon ay magaganda ang gulay. Mas madaling yumabong. Sa ngayon ay ang sitaw ang nilalako ko, 'pag ganito ang panahon ay maliit at payat.

**Q4: Magkano ang kinikita mo sa pagbenta ng gulay noon kumpara sa ngayon?**

A4: Noon ay kahit madaming gulay ay kumikita ako ng 200, pero ngayon ay ang 100 ay pahirapan pa dahil masama na ang klase dahil sa init.

**Q5: Kelan iyon noong kumikita kayo ng 200?**

A5: Mga apat na taon na ang nakakaraan.

**Q6: Noong nagsimulang mangisda ang mister nyo, magkano ang kita nya noon kumpara sa ngayon?**

A6: Mga sampung taon na ang nkalipas noong magsimula mangisda ang mister at maganda pa ang pangisdaan at magaganda ang klase ng mga isda, pero ngayon na patindi ng patindi ang init ng panahon, kaya ngayon ay palayo na ng palayo ang kanilang pinaglalaotan. Pahina na din ng pahina ang kita sa isda.

**Q7: Noong nagsisimula pa lang siyang mangisda, mga sampung taon na ang nakakalipas, mga magkano ang kinikita nya araw-araw?**
A7: Araw-araw noon ay maswerte na kami kapag kumita kami ng isanlibo, bawas na ang gastos. Sa ngayon ay kumikita pa din ng isanlibo subalit lumaki ang gastos. Lumalabas na limandaan na lang ang kita dahil sa laki ng gastos.

**Q8: Sinabi mong gastos, ano iyong mga pinagkakagastusan nyo?**
A8: Bumibili kami ng madaming gasolina at pamain sa isda.

**Q9: Maraming gasolina?**
A9: Maraming gasolina kasi malayo ang lalaotan. Kelangan din naming bumili ng mas magandang makinarya na pangkabit sa banking de motor, dahil kung mahina na ang motor, malapit lang ang malalaotan.

**Q10: Sa lambat? Dahil sa mas malayo na ang nilalaotan n'yo, gumastos kayo kasi kelangan nyo ng mas malaking lambat?**
A10: Oo, kelangan namin ng mas mahabang lambat dahil malayo ang lalaotan. Kapag maliit ang lambat na gamit, kakaunti ang mahuhuling isda.

**Q11: Noong kayo ay lumalaki at kayo ay nagpupunta sa karagatan, may nakikita ba kayong pagbabago? Ganoon pa din ba ang abot ng tubig sa pampang o mas lumapit ang tubig sa pampang?**
A11: Noon ay malawak pa 'yung buhanginan, hindi pa litaw ang mga bato. Hindi tulad ngayon na napakalawak na ng batuhan bago ang dagat lalo na 'pag low tide o paghibas. Noon ay mas marami ang buhangin kesa sa bato; ngayon ay mas marami ang bato. Nakakalkal na padagat ang mga buhangin nakatabon sa bato dati.

**Q12: Sa tingin mo, ilang metro ang nilapit ng tubig sa pampang kumpara sa dati?**
A12: Siguro kalahating metro.

**Q13: Ang inyong mister ay mangingisda lamang o may iba pa siyang ibang trabaho?**

A13: Mula Abril hanggang Setyembre ay pagdadagat ang hanapbuhay dito. Pagdating ng October hangang February, karamihan dito ay nagbubukid dahil malakas ang dagat.

**Q14: Ang tatay mo ay mangingisda din? Siya din ba ay hindi lamang mangingisda at may iba din siyang pinagkakabuhayan?**
A14: Hati ang kanyang hanapbuhay. Mula October hanggang February, siya ay nagkokopra, at mula Marso at September ay nagdadagat.

**Q15: Kayo ay maggugulay lamang?**
A15: Oo.

**Q16: Kamusta ang kita ng mister mo sa pagkokopra?**
A16: Ang asawa ko ay nangungupahan lang. Ang tatay ko ay dating tenant. Siya ang nagkokopra dati, ngayon ang kapatid ko na dahil pinamanahan ng tatay ko.

**Q17: May pagbabago ba sa hanapbuhay sa pagkokopra?**
A17: Napakalaki gawa ng paghina ng bunga ng niyog.

**Q18: Ano sa tingin mo na rason sa paghina ng bunga ng niyog?**
A18: Nitong nakaraang taon, ang pinakarason ay 'yung tindi ng init. Kapag mababa pa lang 'yung niyog, 'yung baguhan pa lang namumunga, kapag mainit na mainit ang panahon, lumiliit ang buo ng niyog. Hindi katulad noong ako ay maliit pa na naghukas ang aming nilulukad ng sampung libo.

**Q19: Ngayon ay magkano na?**
A19: Kung noon ay sampung libo, ngayon ay 1,500 na lang.


**Q20: 1,500 sa isang araw?**
A20: Sa paglulukad. Sa isang taon ay tatlo hanggang apat na beses na paglulukad.

**Q21: Gaano katagal ang isang paglulukad?**
A21: Tuwing ikatlong buwan.

**Q22: Ano ang epekto noon sa gastusin sa bahay, na dati ay forty thousand sa isang taon pero ngayon ay anim na libo na lang sa loob ng isang taon? Ano ang mga sakripisyo nyo sa gastusin sa bahay dahil lumiit ang inyong kita?**
A22: Kahit ako ay babae, ako ay sumasama na sa pagkokopra at nangungupahan ako sa mga niyugan para lamang makasalba sa ganitong panahon, lalo na sa panahon na may ber.

**Q23: Pagkatapos nyong matapos ang pakikinig s pag-aaral sa climate change, mayroon ba kayong mensahe sa kumpanyang nagsusunog ng karbon, oil, at gas na nagkokontribute sa climate change? Ano iyon?**

A23: Sana po ay tigilan na nila ang pagsusunog para ‘yung ozone layer natin ay mabawasan ang pagkabutas at para maghilom ang butas. At para hindi din tayo makaranas ng matinding init. Kapag kayo ay nagpatuloy sa pagsusunog, paano na ang susunod na henerasyon o ang mga anak namin? Ano pa ang magiging kinabukasan nila kung sira na ang kalikasan? Wala ng magproprotekta sa kanilang pangangatawan.




**Elma Reyes**